

**Ang mga manggagawa sa mga pasilidad na tirahan sa pangangalaga ng may edad ay kinakailangang nakatanggap ng kahit isang dosis ng isang bakuna na laban sa COVID-19 bago mag-17 ng Setyembre o 31 ng Oktubre 2021, depende sa kanilang trabaho.**

### Sino ang kailangang nabakunahan pagsapit ng ika-17 ng Setyembre 2021?

**Lahat ng mga kawani, kabilang ang mga kontratista at mga pansamantalang manggagawa, ng isang pasilidad na tirahan sa pangangalaga ng may edad at sinumang tao na nakikipag-ugnay sa pamimigay ng serbisyo sa pasilidad, tulad ng:**

- Mga nars, mga manggagawa ng personal na pangangalaga, mga kaalyado na propesyonal sa kalusugan, mga kaalyado na katulong sa kalusugan
- Kawaning tumutulong, tulad ng mga kusinero at mga taong nagtatrabaho sa mga serbisyo sa pagkain at paglilinis
- Mga kawani ng pamumuhay at pangangalagang panlipunan, tulad ng therapy na musika/sining, mga tsuper ng sasakyan
- Mga tagapag-ayos ng buhok
- Mga boluntaryo na nakikipag-ugnay sa pasilidad na tirahan sa pangangalaga ng may edad
- Mga kawani ng pangangasiwa – pagtanggap; pamamahala; pangangasiwa; seguridad
- Mga propesyonal na manggagamot na nakikipag-ugnay sa pasilidad
- Mga bumibisitang propesyonal sa kalusugan, kabilang ang mga parmasyutiko, dentista at mga propesyonal sa kalusugan ng isip na nakikipag-ugnay sa pasilidad

### Sino ang kailangang nabakunahan pagsapit ng ika-31 ng Oktubre 2021?

- Mga propesyonal sa kalusugan, dentista, propesyonal sa kalusugan ng isip, mga podiatrist at physiotherapist na nakikipag-ugnay sa residente
- Mga estudyante

**Kailangan mong nabakunahan ng kahit isa man lang na dosis ng isang bakuna laban sa COVID-19 upang makapagpatuloy na magtrabaho sa isang pasilidad na tirahan sa pangangalaga ng mga may edad.**

**Kung hindi ka pa nabakunahan ng kahit isang dosis ng isang bakuna laban sa COVID-19, makipag-usap sa iyong manager tungkol sa pagbabakuna sa lalong madaling panahon.**

Maaaring mag-ayos ang iyong trabaho ng isang on-site na klinika ng pagbabakuna, o maaari kang gumawa ng isang appointment sa isang general practice, Aboriginal Community Controlled Health Service o Commonwealth Vaccination Clinic (mga GP respiratory clinic).

Maaari ka ring gumawa ng isang appointment sa isang klinika ng pagbabakuna ng NSW Health o dumalo sa isang walk-in clinic o kalahok na parmasya.

Bisitahin ang [www.nsw.gov.au/covid-19/health-and-wellbeing/covid-19-vaccination-nsw/get-your-covid-19-vaccination-nsw](http://www.nsw.gov.au/covid-19/health-and-wellbeing/covid-19-vaccination-nsw/get-your-covid-19-vaccination-nsw) upang magpalista ng isang appointment o maghanap ng isang walk-in clinic o kalahok na parmasya na malapit sa iyo.

## **Mga madalas na tinatanong**

### **Maaari ko bang piliin kung aling bakuna ang makukuha ko?**

Ang mga manggagawa sa tirahan ng pangangalaga ng may edad ay karapat-dapat para sa bakunang Pfizer (Comirnaty) ngunit maaari ring pumili na magpabakuna ng AstraZeneca (Vaxzevria).

Ang isang dosis ng alinmang bakuna ay nagbibigay ng humigit-kumulang na 70% proteksyon laban sa pagka-ospital at pagkamatay mula sa Delta variant at makabuluhang binabawasan ang pagkalat ng COVID-19 sa mga taong nasa paligid mo. Dalawang dosis ng alin mang bakuna ay nagbibigay ng humigit-kumulang na 90% na proteksyon, at mas matagal ang proteksyon.

### **Maaari ba akong mabakunahan habang nasa lockdown?**

Oo, pinapayagan ang pagbabakuna laban sa COVID-19 sa ilalim ng mga paghihigpit sa pananatili-sa-bahay sa buong NSW. Huwag umalis ng bahay upang mabakunahan kung isa kang malapit o kaswal na nalapitan (contact), o mayroon kang mga sintomas ng COVID.

### **Ano ang mangyayari kung tanggihan kong mabakunahan?**

Kung hindi mo matutugunan ang kinakailangan sa pagbabakuna sa petsa na nalalapat ito, hindi ka maaaring magpatuloy na magtrabaho sa serbisyo.

Lahat ng mga kawani ay dapat na may kamalayan na ang pagkakaroon ng kahit isa man lang na dosis ng isang bakuna laban sa COVID-19 ay isang pangangailangan upang makapagpatuloy na magtrabaho sa mga pasilidad na tirahan sa pangangalaga ng may edad mula ika-17 ng Setyembre 2021 o ika-31 ng Oktubre 2021, depende sa tungkulin.

### **Ano ang mangyayari kung hindi ko pa nakuha ang aking unang dosis pagsapit ng huling araw (deadline)?**

Ang sinumang empleyado na hindi natutugunan ang mga pangangailangan mula sa petsa na nalalapat ang mga Kautusan sa Kalusugan ng Publiko ay hindi pinapayagan sa tugatug. Kung hindi mo natutugunan ang pangangailangan sa pagbabakuna sa petsa na nalalapat ito, samakatwid ay hindi ka maaaring magpatuloy na magtrabaho sa serbisyo.

### **Mayroon bang mga exemption sa mga kadahilanang medikal?**

Ang isang tao ay bibigyan lamang ng hindi saklaw (exemption) kung mayroon silang mga kontraindikasyong sa parehong magagamit na mga bakuna.

### **Ako ay buntis at/o nagpapasuso – mayroon bang anumang mga konsiderasyon para sa akin?**

Ang mga buntis na kababaihan ay karapat-dapat na para sa bakunang Pfizer (Comirnaty) laban sa COVID-19. Inirerekomenda ng Royal Australian and New Zealand College of Obstetricians and Gynaecologists (RANZCOG) at ng Australian Technical Advisory Group on Immunisation (ATAGI) na ang mga buntis na kababaihan ay regular na alukin na kunin ang bakunang Pfizer (Comirnaty) laban sa COVID-19 sa anumang yugto ng pagbubuntis. Ang mga babaeng nagpapasuso o may plano na pagbubuntis ay inirerekomenda rin na tumanggap ng bakunang Pfizer (Comirnaty) laban sa COVID-19. Ang mga babaeng nagsisikap na mabuntis ay hindi kailangang antalahin ang pagbabakuna o iwasan na maging buntis pagkatapos ng pagbabakuna. Mangyaring makipag-usap sa iyong GP o nauugnay na propesyonal sa kalusugan upang talakayin ang iyong indibidwal na kalagayan at paano ka mabakunahan sa lalong madaling panahon. Ang pagbubuntis at pagpapasuso ay hindi itinuturing na kontraindikasyong medikal para sa bakunang Pfizer (Comirnaty) laban sa COVID-19 at sa gayon ay hindi mga hindi saklaw (exemption) sa ilalim ng kautusan sa kalusugan ng publiko.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Kautusan sa Kalusugan ng Publiko na ito at kung ano ang kahulugan nito sa iyo, Bisitahin ang [www.health.nsw.gov.au/Infectious/covid-19/Pages/aged-care.aspx](http://www.health.nsw.gov.au/Infectious/covid-19/Pages/aged-care.aspx)